ISSN 2672-2879
06

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija I Tomo 3 Blg. 6 I Nobyembre-Disyembre 2021

www.pcc.gov.ph
Department of Agriculture-Philippine Carabao Center
pccoed2021@gmail.com



Mga benepisyaryo ng EPAHP, pinagkalooban ng mga gatasang kalabaw 3



CBIN recipients sa La Union, sumabak sa paggawa ng silage 5

# Unang Dairy Box sa Bataan, nagbukas sa Dinalupihan

Ni Christine Helen Adriano

DA-PCC sa CLSU—Ang una sa dalawang Dairy Box sa lalawigan ng Bataan ay pormal nang binuksan at ipinagkaloob ng DA-PCC sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) sa mga miyembro ng Makabagong Agrikultura ng Dinalupihan Marketing Cooperative (MA-DMC) sa Brgy. San Ramon, Common Terminal, Dinalupihan, Bataan noong Nobyembre 11.

Sundan sa p.4




Malugod na tinanggap ng mga miyembro ng Makabagong Agrikultura ng Dinalupihan Marketing Cooperative (MA-DMC) sa Brgy. San Ramon, Common Terminal, Dinalupihan, Bataan and bagong patayong Dairy Box na handog ng DA-PCC. Magsisilbi itong merkado para sa pagsasapamilihan ng mga produktong gatas ng mga lokal na magkakalabaw.

## Kauna-unahang SOA-DBP sa Davao Region

Ni Rodolfo Valdez Jr.

DA-PCC sa USM—Layunin ng DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) na makapag-abot ng impormasyon ukol sa makabagong teknolohiya sa pagkakalabaw at makapagbukas ng oportunidad na salig sa kalabaw.

Isinusulong ang layuning ito sa pamamagitan ng paglulunsad ng kauna-unahang School-on-the Air on Dairy Buffalo Production (SOA-DBP) sa Davao Region.

Katuwang ang Agricultural Training Institute XI, ginanap ang unang bahagi ng SOA-DBP noong November 12.

Tinatayang nasa 500 na magsasaka ang nagpatala mula sa probinsya ng Davao del Sur, Davao de Oro at Davao Oriental.

Ang pag-aaral sa himpapawid ay padadaluyin sa DXRD 711KHz Sonshine Radio at sa Facebook pages ng DA-PCC at ATI XI na kapapalooban ng 16 episodes.

Sundan sa p.2

## ALAB Karbawan sa Abra nagsimula na

Ni Mari Joan Nefulda

DA-PCC sa MMSU-Nagsimula ang ALAB Karbawan sa Abra sa pagpapatayo ng kauna-unahang Dairy Box o dairy processing facility sa Brgy. Calaba, Bangued at pagkakaloob ng 58 na babaeng kalabaw sa mga miyembro ng Abra Farmers and Provincial Employees Multi-Purpose Cooperative (AFPEMCO) noong Nobyembre 5 at 22.

May mga karagdagan din na production inputs, supplies, materials at mga equipment para sa milk processing ang ipagkakaloob para sa processing facility.

Pinasinayahan ang pagpapatayo ng dairy processing facility at store sa Abra Breeding Station, Brgy. Calaba, Bangued, Abra noong Nobyembre 5 sa pangunguna nina Center Director ng DA-PCC at MMSU, Grace Marjorie Recta, Chairperson ng AFPEMCO Cris Albolete, at Provincial Veterinarian Dr. Ruston Valera. Magsisilbi itong outlet kung saan ibebenta ang mga produkto ng kooperatiba na gawa sa gatas ng kalabaw sa abot-kayang presyo.

Ang mga benepisyaryo ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) ay patuloy na nagsasanay

Sundan sa p.3

## Pagsasanay sa mga susunod na henerasyon ng carapreneurs

Ni Chamanei Elias

DA-PCC NHQGP— Nagkaroon ng pagsasanay para sa mga susunod na henerasyon ng carapreneurs para sa kahalagahan ng pagkakalabawan sa food security at sustainability noong Nobyembre 11-12, 15-16 at 25-26 sa Milka Krem Hall, Science City of Muñoz, Nueva Ecija.



Ang learning event na pinamagatang "Dairy Buffalo Farming for Food Security and Sustainability,"ay dinaluhan ng 45 kabataan (15-30 taong gulang) sa bawa't batch. Sila ay pawang anak ng mga dairy farmers na miyembro ng mga dairy cooperatives.

Layunin ng aktibidad na impluwensyahan ang mga kabataan at ipakilala ang mahalagang papel nila sa pagsusulong ng kinabukasan ng industriya ng pagkakalabawan kaakibat ng kanilang responsibilidad bilang mga susunod na lider ng kanilang mga kooperatiba. Pinasimulan ito ng DA-Philippine Carabao Center (PCC) Socio-Economics and Policy Section (SEPS) sa pangunguna ni Estella Valiente.

Ani Valiente, batay sa mga pag-aaral ang mga matatandang magsasaka ay hindi na hinihikayat ang kanilang mga anak na makipagsapalaran sa mga gawaing pang-agrikultura. Dahil dito, hindi na nila naipapasa o naituturo ang mga tradisyunal na pamamaraan ng pagsasaka sa mga nakababatang henerasyon na sanhi ng pagbaba ng interes ng mga kabataan na makisali sa mga gawaing pang-agrikultura.

Ayon din kay Palis (2020), 65 porsiyento ng mga Pilipinong magsasaka ay ninanais na ang kanilang mga anak ay makapagtapos ng kolehiyo at magtrabaho sa mga lungsod o sa ibang bansa kaysa maging magsasaka.

Nabanggit din sa datos ng PSA (2019) na tumatanda na at nasa 57 taong gulang ang average age ng mga magsasaka sa Pilipinas. Kaya naman nais ng aktibidad na mahimok ang mga kabataan na magkaroon ng kaalaman sa dairy farming sa murang edad upang mahubog ang kanilang interes na tumulong sa mga lokal na magsasaka at sa kanilang komunidad.

Ang mga kalahok ay nakakuha ng personal na inspirasyon mula sa mga kabataang tulad nila na nakipagsapalaran sa pagkakalabawan.

"Ang mga kabataan hindi masyadong nakafocus sa pagkakalabaw. After makapag-aral ang iniisip ay makapagtrabaho para magkapera. Pwede naman po yun pero at the same time mag-invest po tayo. Sa pagkakalabaw maaaring gawin mo ito hanggang pagtanda at kaya mo pa dahil hawak mo ang oras mo," pagganyak ni Miccaela Alfonso, 26, proprietor ng Alfonso Dairy Farm sa San Jose City, Nueva Ecija.

Si Alfonso ay isa sa mga tagapagsalita na nagbigay ng kanyang mga karanasan sa integrated farming. Ibinahagi niya na sa dairy farming ay lumago siya bilang isang indibidwal kasabay ng patuloy niyang pamamahala ng kanilang negosyo. Dagdag pa niya, sa pamamagitan ng pagkakalabaw ay nakatulong sila sa mga walang trabaho sa kanilang komunidad at sa pagtangkilik sa mga lokal na produkto ng mga magsasaka.

Ibinahagi naman ni Patrick Pascual, Artificial Insemination (AI) technician mula sa Sto. Domingo, ang kanyang mga karanasan sa pagiging technician at kung paano nito nasustentuhan ang kanyang pang araw-araw na pangangailangan. Kabilang sa mga paksang tinalakay ay ang pagpapakilala sa buffalo milk- and meat-based enterprises, basic business management, cooperativism and leadership, spiritual and values orientation, at business planning.

## Kauna-unahang SOA-DBP sa Davao

Mula sa p.1




Ilan sa mga paksang tatalakayin sa SOA-DBP mula Nobyembre 2021 hanggang Marso 2022 ay ang feeding management, feeding production and establishment, forage and feed resources for dairy buffaloes, health management, animal management, disease prevention and control, breeding management, carabao enterprise, at technology adaptation.

Nagpahayag naman ng pasasalamat sina ATI OIC Deputy Director Antonietta Arceo at DA-PCC Knowledge Management Division (KMD) Chief Eric Palacpac sa iba't ibang ahensya ng gobyerno tulad ng ATI at Philippine Crop Insurance Corporation na siyang kabalikat upang maisagawa ang SOA-DBP.

Layunin ng SOA-DBP na mapataas ang kaalaman at kakayahan ng mga magkakalabaw sa Davao Region sa pamamagitan ng mga serye ng talakayan tungkol sa wastong teknolohiyang may kinalaman sa pag-aalaga ng kalabaw.

Naging sentro naman ng mensahe nina DA-PCC sa USM Center Director Benjamin John Basilio at ATI-XI Director Dante Esguerra ang kahalagahan ng SOA lalung-lalo na sa pagpapalaganap ng Carabao Development Program sa Region XI.

"Dito sa Davao Region, mayroon na tayong mga magsasakang kumikita mula sa gatas ng kalabaw. Kaya natin isinagawa ang SOA-DBP ay upang maipaabot sa mas nakararami ang mabuting biyayang hatid ng negosyong salig sa kalabaw. Dahil sa dairy ang kita ay daily," paghihimok ni Director Basilio.

Ang SOA-DBP ay interbensyong natukoy sa pag-aaral ng DA-PCC Knowledge Management Division na pinamagatang "Strengthening Carabao Development Program (CDP) Communication for Development (ComDev) Campaign in Visayas and Mindanao" bilang tugon sa pangangailangan ng mga magsasaka ukol sa kaalaman sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

## Mga benepisyaryo ng EPAHP, pinagkalooban ng mga gatasang kalabaw

Ni Mari Joan Nefulda





DA-PCC sa MMSU- Dalawampu't-limang magsasakang benepisyaryo ng Enhanced Partnership Against Hunger and Poverty (EPAHP) sa Brgy. San Marcelino, Dingras, Ilocos Norte ang tumanggap ng mga gatasang kalabaw nitong Nobyembre 22.

Ang mga benepisyaryo ay mga kasapi ng Timpuyog de San Marcelino Farmer's Association. Bawa't isa'y nabigyan ng tig-isang gatasang kalabaw.

Ang EPAHP ay isang convergence project na naglalayong paunlarin ang pangkabuhayan ng mga mamamayan habang nilalabanan ang malnutrisyon, kahirapan at gutom sa bansa. Isa ang Ilocos Norte sa tatlong pilot areas kung saan itinatag ang nasabing proyekto.

Binubuo ito ng DA-PCC sa MMSU, Department of Social Welfare and Development (DSWD) Ilocos Norte Provincial Office, Department of Trade and Industry (DTI) at ng Commission on Population and Development (POPCOM).

Layunin ng samahang ito na magtatag ng pangkabuhayang salig sa kalabaw upang makapagbigay ng dagdag na kita sa mga magsasaka. Layunin din nito na maparami ang lokal na produksyon ng sariwang gatas na maaaring gamitin sa mga inilulunsad na milk feeding programs ng iba't ibang ahensiya ng gobyerno.

Pinangunahan ni DA-PCC sa MMSU Center Director Grace Marjorie Recta ang pagkakaloob ng mga gatasang kalabaw.

Pinaalalahanan niya ang mga benepisyaryo na alagaang mabuti ang mga kalabaw dahil marami itong naidudulot na biyaya sa pamilya at nagbibigay ng arawang kita. Kinumbinsi niya ang mga ito na gatasan ang mga kalabaw pagdating ng tamang panahon para magamit ang produksiyon sa mga milk feeding programs. Sinabi rin niya na ang DA-PCC ay laging nakaantabay para tulungan ang mga benepisyaryo sa anumang tulong teknikal na kakailanganin nila.

Samantala, nagkaloob naman ang DSWD ng kabuuang PHP 375,000.00 sa asosasyon para sa pagpapatayo ng mga bahay ng kalabaw at pagpapaunlad ng mga pakain para sa mga kalabaw.

Ang mga benepisyaryo ay patuloy na sinasanay ng DA-PCC sa MMSU sa pamamagitan ng Farmers Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) upang ibahagi ang mga kaalaman tungo sa pagpapaunlad ng pagkakalabawan.

Pinangako naman ni Federico Ganitano, isa sa mga benepisyaryo na pagbubutihin nila ang pag-aalaga ng mga kalabaw at i-aapply ang mga natutunan sa FLS-DBP sa kanilang pagkakalabawan.

## ALAB Karbawan sa Abra...

Mula sa p.1



upang matutunan ang mga wastong pamamaraan sa pagpapaunlad ng pagkakalabawan sa pangunguna ng Carabao-based Enterprise Development (CBED) Coordinator ng PCC sa MMSU, na si Florencio T. Malicad Jr.

Ang CBIN ay pinondohan ng opisina ng Senate Committee on Agriculture and Food and Agrarian Reform Chairperson Senator Cynthia Villar na naglalayong magtatag ng masigla at kumikitang pagkakalabawan sa buong bansa.

## 'Back-to-back' CDP activities isinagawa sa Leyte

Ni Emy Goritte Gorra



DA-PCC sa VSU—Dalawang aktibidad para sa pagpapalaganap at patuloy na pagpapaunlad ng Carabao Development Program (CDP) ang isinagawa ng DA-Philippine Carabao Center sa Visayas State University (DA-PCC sa VSU) para sa mga kabataan at magsasaka ng Baybay City at Maasin City sa Southern Leyte.

Isinagawa ang magkahiwalay na aktibidad noong Nobyembre 19 sa piling mga barangay ng Baybay City habang mahigpit na inobserbahan ang mga wastong health and safety protocols.

Ang mga kalahok sa 'one-day observation and actual training' ay labing pitong miyembro ng Malapoc Sur Twine Weavers Association (MaSTWA) na mga benepisyaryo ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP) ng Southern Leyte.

Layunin ng pagsasanay na makapagbahagi ng mga kaalaman at mahahalagang impormasyon tungkol sa CCDP sa mga magiging carapreneurs. Isa rin itong hakbang ng DA-PCC upang mabigyan ang mga kalahok ng inisyal na ideya at preparasyon sa carabao dairy industry.

Sa kabilang dako, ang Carabao-based Enterprise Development Program (CBED) team ng DA-PCC sa VSU, na pinangunahan nina CBED coordinator Johnson Royo Jr. at Science Research Specialist Letuz Sudaria, ay nagpagawa ng oryentasyon sa mga young carapreneurs sa Baybay.

Sampung kabataan ang dumalo sa Knowledge Sharing on Best Practices in Milk Collection and Handling. Pawang anak sila ng mga buffalo owners ng Brgy. Gabas at Biasong. Ang nasabing oryentasyon para sa mga kabataan ay isang istratehiya ng DA-PCC sa VSU para mahikayat ang mga kabataan sa pagpapahalaga at pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

Ilang carapreneurs ng Baybay City ang nagsilbing tagapagsalita na sina Dindo Pernites, Noel Prado, Jose Fernando Diaz, Gregorio Cueco at Jeffrey Cueco. Ibinahagi nila ang kani-kanilang kaalaman sa pagkakalabaw at kung paano binago ng negosyo sa gatasang kalabaw ang kanilang buhay.

Dinaluhan ang gawain nina DA-PCC sa VSU Center Director Francisco Gabunada Jr., Maasin City Agriculturist Virginia Barrientos, CCDP Project Development Officer Rachelle Valdez, at mga agricultural technicians ng Maasin City na sina Melvin Ablon at Renato Costillas.



## CBIN recipients sa La Union, sumabak sa paggawa ng silage

Ni Jan Rose Maon

DA-PCC sa DMMMSU—Isinagawa ang isang pagsasanay sa pagbuburo ng dayami/damo o silage bilang pakain sa mga alagang kalabaw para sa mga recipients ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) ng Aringay Dairy Carabao Raisers Association (ADCRA) noong Nobyembre 13 sa Aringay, La Union.



Layunin ng pagsasanay na madagdagan ang kaalaman ng mga miyembrong magsasaka sa mga pakain na maaaring ibigay sa kanilang mga alagang kalabaw. Ang mga burong damo ang pangunahing pinagkukunan ng mga kalabaw ng enerhiya, protina at fiber.

Ang aktibidad ay dinaluhan ng 20 miyembro ng ADCRA.

Ayon kay Melecio Cacanindin, presidente ng ADCRA, dahil sa isinagawang pagsasanay ay nagkaroon sila ng kaalaman tungkol sa masustansya at sapat na pakain para sa kanilang mga alagang kalabaw lalo na sa panahon ng tag-araw kung saan nagkakaroon ng kakulangan sa supply ng pakain sa kanilang mga alaga.

Dagdag pa niya, "no stress farming kapag may silage".

Ayon naman kay Reynaldo Paneda, AI at training coordinator ng DA-PCC sa DMMMSU at nanguna sa nasabing pagsasanay: "Masaya akong nakikita na interesado ang mga farmers na matuto sa paggawa ng silage at ipinakikita rin nila na may pagkakaisa ang kanilang organisasyon dahil sa kanilang pagtutulungan sa pagkuha ng forage at dayami na gagamitin sa paggawa ng silage".

Ang mga kalahok ay mabibigyan ng sarili nilang mga drum at molasses na magagamit nila sa pag-iimbak ng silage.

Ang ADCRA ay isa sa mga kooperatibang nabigyan ng gatasang kalabaw ng CBIN na proyekto ng DA- PCC at pinondohan ng opisina ni Sen. Cynthia Villar, chairperson ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform.

Ang pagsasanay ay dinaluhan ng mga kawani ng lokal na pamahalaan ng Aringay sa pangangasiwa nina Sangguniang Bayan Member Ramsey Mangaoang, Municipal Agriculturist Jessica Peralta, at Elizabeth Carreon.

Ang nasabing pagsasanay ay isasagawang muli sa dalawa pang kooperatibang katuwang ng DA-PCC para sa proyektong CBIN.

## Unang Dairy Box sa Bataan...

Mula sa p.1




Ang Dairy Box ay naglalayong suportahan ang ating mga lokal na magsasaka sa pagkakalabawan na i-market ang kanilang mga produktong gatas at karne upang mapa-unlad ang kanilang pamumuhay.

Kasama ito sa Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) Project na pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform Chairperson Senator Cynthia Villar sa tulong ng lokal na pamahalaan ng Dinalupihan, Bataan.

Ang turn-over ceremony ay pinangunahan nina DA-PCC Deputy Executive Director for Production and Research Dr. Claro Mingala, DA-PCC sa CLSU Center Director Dr. Ericson Dela Cruz, Provincial Veterinarian Dr. Alberto Venturina, Regional Livestock Coordinator Elisa Mallari, at Municipal Mayor Maria Angela Garcia.

Binigyang-diin ni Senator Villar sa kanyang virtual na mensahe ang kahalagahan ng industriya ng pagkakalabaw sa bansa. Sinabi niyang handang magbigay ang kanyang tanggapan ng pondo para sa mga parehong proyekto upang madagdagan ang bilang ng mga nag-aalaga ng kalabaw at maitatag ang mga pasilidad sa pagpoproseso ng gatas upang makapag-ambag sa sa milk feeding program.

"Sana ang ibang Dairy Box na pasisinayaan ay makatulong sa mamamayan ng Dinalupihan at sa mga miyembro ng mga kooperatiba," pagtatapos nito.

Ang mga produktong mabibili sa Dairy Box ng Dinalupihan ay lacto juice, choco, pasteurized, yogurt, pastillas, polvoron, at soft ice cream. Available din dito ang mga produktong karne tulad ng tocino, papaitan, at tapa. Ang tindahan ay bukas sa publiko araw-araw mula 6 a.m. hanggang 7 p.m.

## Dating sundalo nagtapos na valedictorian sa FLS-DBP, Albay

Ni Aldrin Geronimo

DA-PCC sa UPLB- Isang dating sundalo ang nagtapos bilang valedictorian mula sa 65 na nagtapos ng Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) sa probinsya ng Camalig, Albay noong Nobyembre 4.

Si Jay Pascua, 49, ay nakipagsapalaran sa paggagatas ng kalabaw matapos magretiro sa Hukbong Katihan ng Pilipinas na may ranggong colonel. Sa kasalukuyan, umabot na sa 32 ang bilang ng kanyang ginagatasang kalabaw.

Bukod kay Pascua, nagtapos din bilang valedictorian sina Domingo Astillero Jr. mula sa bayan ng Guinobatan at Alvin Losande mula sa Daraga, Albay. Si Astillero Jr., 24 taong gulang, ay isang "millennial farmer" at kamakailan lang ay pumasok sa industriya ng pagkakalabawan, habang si Losande ay dating nag-aalaga lang ng kalabaw bilang katuwang sa bukid nguni't ngayon ay naggagatas na rin.

Dahil sa pandemya, inabot ng halos 20 buwan ang FLS-DBP sa Albay na dapat sana ay apat na buwan lamang. Gayunpaman, naging posible ito sa pagtutulungan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Albay – Albay Veterinary Office, Gubat St. Anthony Cooperative (GSAC), DA- Philippine Carabao Center sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC sa UPLB), at mga pamahalaang lokal ng Camalig, Daraga, Guinobatan, Ligao at Legazpi.



Ilang kalahok sa FLS-DBP ang nagbahagi ng kanilang mga mensahe sa ginanap na Graduation Ceremony noong Nobyembre 4, 2021 sa Albay Farmers Bounty Village Negosyo Auditorium, sa Cabangan, Camalig. Samantala, pinarangalan bilang Valedictorian ang dating Colonel na si Jay Pascua (gitna) , 24 taong gulang na si Domingo Astillero Jr., at Alvin Losande mula sa Daraga.

Pinangunahan ito nina Provincial Veterinarian Dr. Pancho Mella, Dr. Marlon Tapel, at Catherine Mancera na nagsilbing mga facilitator.

Dumalo sa pagtatapos sina Vice Governor Edcel Greco B. Lagman na nagbigay ng mensahe sa mga magsasaka tungkol sa kahalagahan at suporta ng lalawigan ng Albay sa mga maggagatas ng kalabaw.

Dumalo rin sina Albay at Sorsogon Agriculture Center Chief Florentino Ubalde, at GSAC Chairperson Engr. Rene Hermo, OIC City Veterinarian ng Ligao City Dr. Azel Ranada, Municipal Agricultural Officer ng Daraga Meljie Matociños, MAO ng Canalig Dante Alejandro at Gil Camases na kahalili ng MAO ng Guinobatan.

# iASK

innovative answers • solutions • knowledge

## Ano ang iASK?

Ang iASK, isang pinaikling salita na ang ibig sabihin ay "innovative answers, solutions, and knowledge" o makabagong tugon, solusyon, at kaalaman sa wikang Filipino, ay isang serye ng kaalaman kung saan inilalathala ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang mga teknolohiya nito sa pagkakalabaw. Layon nito na paunlarin ang kaalaman ng mga magsasaka sa naturang gawain.

## Q: Ano ang Enriched Rice Straw (e-RS)?

S: Ang e-RS ay isang uri ng masustansyang pakain para sa alagang kalabaw, baka at kambing. Isa sa pinaka-importanteng bagay sa pag-aalaga ng kalabaw ang pagbibigay dito ng wasto, sapat, at masustansyang pakain. Kasabay ng tamang pagbibigay ng sapat na pakain at nutrisyon sa alagang hayop ay ang mas magandang kita sa pag-aalaga ng kalabaw. Nguni't karaniwan, ito ay nagiging problema kung limitado ang nakukuhang pakain sa taniman ng sariwang damo lalo na sa panahon ng tag-araw at kung dumarami na rin ang bilang ng mga inaalagaang kalabaw.

Sa ganitong pagkakataon, mainam kung subukang mangolekta ng dayami sa panahon ng anihan ng palay upang gawing e-RS.



## Q: Paano gumawa ng e-RS?

1. Mangolekta at mag-imbak ng dayami.

2. Kolektahin o ibungkos (bale) ang mga dayami mula sa palayan gamit ang manu-manong pangbungkos ng dayami o "self-propelled" o "pulled by a tractor baler machine".

3. Kung ito ay "stationary baler machine", kolektahin ang dayami at siksiking mabuti gamit ang nasabing makina.

4. Hakutin at iimbak ang mga nakabungkos na dayami sa isang lugar na may bubong.

5. Kumpletuhin ang mga sangkap at kagamitan

<u>Mga sangkap ng e-RS</u>
- Urea
- Pulot o Molasses
- Dayami
- Tubig

<u>Mga kagamitan</u>
- Sisidlang "silo" gaya ng plastic bag o drum
- Timbangan
- Plastik na pantakip
- Tape
- Pabigat o pandagan

Sundin ang mga sumusunod na hakbang sa paggawa ng e-RS:

1.Timbangin ang mga sangkap at lusawin ang urea at molasses sa tubig.

| SANGKAP | DAMI (kg) | RECOMMENDED LEVEL (kg) |
|---|---|---|
| Urea | 2-4 | 4.40 |
| Pulot o Molasses | 5 | 4 |
| Tubig | 91-93 | 91.60 |
| Dayami o Uhot | 50-100 | 50-100 |

2. Putulin o tadtadin ang dayami sa haba na isa o dalawang pulgada gamit ang forage chopper.

3. Ilubog ang dayami sa pinaghalu-halong sangkap (urea-molasses solution) at siguraduhing mababasa lahat ito.

4. Hanguin ang dayami at ilagay sa drum na lalagyan o silo pagkatapos itong mabasa.

5. Ulitin ang hakbang 3 at 4 at siksiking mabuti ang dayami hanggang mapuno ang lalagyan.

6. Takpan ng plastik at lagyan ng pabigat ang ibabaw gaya ng gulong. Iimbak ang ginawang e-RS ng 21-30 araw at pagkatapos nito ay pwede nang ipakain sa hayop.

## Q: Ano ang benepisyo ng paggamit ng e-RS?

S: Ang mga sumusunod ay ang mga benepisyo sa pagpapakain ng e-RS sa mga alagang hayop:

1. Tumaas ang sustansya ng dayami
   a. Ang purong dayami ay mayroon lamang 4.9% na protina habang ang e-RS ay may 8.9% na protina
   b. Mas mabilis na matunaw (digest) ang e-RS (56.1%) kumpara sa purong dayami (49%)
2. Para sa hayop na pinakain ng e-RS
   a. Mas marami ang nakakain ng hayop (12%)
   b. Mas marami ang dagdag na timbang ng hayop (8%)
   c. Mas marami ang nakukuhang gatas sa kalabaw (18.92%)
3. Para sa may alagang hayop
   a. Marami ang dayami sa panahon ng anihan ng palay at hindi na ito binibili
   b. Madali lang gawin ang e-RS

c. Mas mataas ang kita ng magsasaka, 33% increase on income

## Q: Ano ang mga dapat tandaan sa pagpapakain ng e-RS?

S: Bago ipakain ang e-RS sa alagang hayop ay pasingawin muna ito ng 30 minuto. Huwag ipapakain ang e-RS sa mga alagang kalabaw na wala pang anim na buwan at kalabaw na nasa huling tatlong buwan na ng pagbubuntis.

## Q: Magkano ang gastos sa paggawa ng e-RS?

S: Ang mga sumusunod na presyo ay base sa aktuwal na presyo noong 2020:

| PAGKAKAGASTUSAN | DAMI | UNIT | HALAGA (PHP) | KABUUANG HALAGA (PHP) |
|---|---|---|---|---|
| Urea | 4.4 | Kilo | 20 | 88 |
| Pulot (Molasses) | 4 | Kilo | 17 | 68 |
| Dayami | 100 | Kilo | 0.71 | 71 |
| Plastic Drum | 2 | Piraso | 33.33 | 66.66 |
| Labor | 3 | Tao/oras | 50 | 150 |
| KABUUANG GASTOS (PHP) | | | | 443.66 |
| DAMI NG PRODUKSYON (KG) | | | | 200 |
| PRESYO KADA KILO (PHP) | | | | 2.22 |

- Presyo ng isang bale ng rice straw (12 kilo) = Php8.50
- Tagal na magagamit ang plastic drum = 5 taon

Dalas na magagamit ang plastic drum = 6 na beses sa isang taon
Halaga sa bawa't paggamit ng plastic drum = Php 33.33
(Php 1,000/5 taon/6 na beses sa isang taon)

Abangan sa susunod na isyu:

iASK: Total Mixed Ration (TMR) para sa masustansya at sapat na pagkain ng kalabaw



CCDP entrustment programs, isinagawa sa Visayas




# Kumpletong dairy buffalo project sa Davao de Oro

Ni Paulyn Saturno

DA-PCC sa USM-Pinagkalooban ng tatlong motorsiklo, 50 kalabaw, mga kagamitan para sa pangongolekta, pagpoproseso at pagsasapamilihan ng gatas, at dairy outlet ang Linuan Farmers Integrated Cooperative (LIFICO) ng Monte Vista, Davao de Oro.

Ang kumpletong dairy buffalo project na ito ang tutulong upang maparami ang supply ng gatas sa rehiyon na maaaring makatulong sa Milk Feeding Program na ipinapatupad ng DepEd at DSWD. Ito ay bahagi ng programang Carabao-based Business Improvement Network na pinondohan ng opisina ni Sen. Cynthia A. Villar.

Sa mensahe ni DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo sa kooperatiba, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng apat na "M" na, aniya, ay magsisilbing gabay para sa pag-unlad ng kooperatiba. Ito ay ang mga salitang "magpasalamat, magtrabaho, magpalawak, at magka-isa."

Kasamang dumalo sa turnover ceremony sina ALAB Karbawan Region XI Focal Person Joel Mamac, Municipal Agriculturist Nelma Aranton, LIFICO Manager Joel Hara, Board Member Joseph Jawod, Sangguniang Bayan Member Jowel Lungtad, City Mayor Representative Lunita Jayectin, ATI Director Dante Esguerra, Provincial Veterinarian Dr. Rolando Simene, at PCC sa USM Center Director Benjamin Basilio.

Katuwang ang iba pang sangay ng DA, hangarin ng ahensiya na maging matagumpay ang programang ito at mapalago pa ng kooperatiba ang kanilang operasyon nang sa gayon ay makamit nila ang Masaganang Ani at Mataas na Kita na siyang adhikain ng Kagawaran ng Agrikultura.

## Patnugutan

Patnugot ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
Tagapamahalang Patnugot CHAMANEI C. ELIAS
Manunulat RODOLFO T. VALDEZ JR. MARI JOAN A. NEFULDA, CHRISTINE HELEN M. ADRIANO, CHAMANEI C. ELIAS, EMY GORITTE E. GORRA, JAN ROSE G. MAON, ALDRIN B. GERONIMO, PAULYN L. SATURNO
Layout at Ilustrasyon DINE YVE D. DAGANOS
Tagapamahala sa Sirkulasyon CHAMANEI C. ELIAS, DINE YVE D. DAGANOS
Tagapayo RONNIE D. DOMINGO

CaraBalitaan

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER

Ang CaraBalitaan ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.

K-Portal

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng ibat-ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

DA-PCC Virtual Tour

Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Genepool para malaman ang ibat-ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.